| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | MTB |
| | Teaching Dates and Time: | DECEMBER 5 – 9. 2022 (WEEK 5) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** *Isulat ang code ng bawat kasanayan.* | Identify the problem and solution in the story read MT1LC-IIf-g-4.3 | Identify the problem and solution in the story read MT1LC-IIf-g-4.3 | Identify the problem and solution in the story read MT1LC-IIf-g-4.3 | Identify the problem and solution in the story read MT1LC-IIf-g-4.3 | Identify the problem and solution in the story read MT1LC-IIf-g-4.3 |
| ***II. NILALAMAN*** | ***Pagtukoy sa Suliranin at Solusyon sa Kwentong Binasa*** | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource* | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | | | | | |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | |
| | **SUBUKIN**<br><br>Makinig sa babasahing kwento at sagutan ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno. | **SURIIN**<br><br>Makinig nang mabuti sa babasahing kwento. | **ISAISIP**<br><br>Ang suliranin sa kwento ay ang balakid na kinakaharap ng tauhan sa kwento, at kung paano ito nabigyan ng kalutasan ang tinatawag nating solusyon. Sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikikinig ng mga kwento ay higit pang nahahasa ang iyong mga kaalaman. Kayat hinihimok kitang gawing kasiya- siya ang pagbabasa at pakikinig sa mga kwento. | **TAYAHIN**<br><br>Makinig nang mabuti sa babasahing kwento. Tukuyin ang suliranin sa kwento at ang solusyon nito. Iguhit and tala ( ) kung ang pangungusap ay ang suliranin sa kwento at iguhit ang araw ( ) kung ang pangungusap ay solusyon sa suliranin. Gawin ito sa kuwaderno. | **Lingguhang Pagsusulit** |

**Ang Mapanganib na Virus**

Isang umaga naupo si Ana sa kanilang sala at binuksan niya ang kanilang T.V. Natakot siya sa napakinggang balita na mayroong kumakalat na virus sa buong mundo at ito ay nagmula sa Wuhan, China. Ito ay lubhang nakamamatay. Ito ay tinatawag na Corona Virus. “Ano ang gagawin natin tatay?” wika niya sa kanyang tatay na nanonood din. Kailangan nating mag-ingat anak. Mas mainam na mamalagi tayo sa bahay at iwasan ang makisalamuha at makipagsiksikan sa matataong lugar upang hindi tayo mahawa. Higit sa lahat ay magdasal para sa ating kaligtasan.

Napawi ang takot ni Ana nang mapakinggan ang kasagutan ng tatay.

1. Sino ang bata sa kwento ?
a. Ana b. Belen c. Celia

2. Bakit natakot si Ana sa napakinggang balita ?
a. Nakamamatay ang virus
b. Nanghahabol ang virus
c. Namamalo ang virus

3. Ano ang tawag sa nakamamatay na virus ?
a. Corona Virus
b. Petrona Virus
c. Serena Virus

4. Saan nagmula ang Corona Virus?
a. Wuhan , China
b. Isabela,Philippines
c. Metro Manila

5. Sa pag-iwas sa “Corona Virus” kinakailangan nating ____________________.
a. Mamasyal araw-araw
b. Mamalagi sa bahay.
c.Makipaglaro sa kapit- bahay .

“Bambanti Festival“

Isa sa mga ipinagdiriwang sa lalawigan ng Isabela ang “Bambanti Festival. ”Alam mo ba kung saan ito nagmula? Ito ay hango sa salitang Iloko na “Bambanti” na ang ibig sabihin ay panakot sa mga ibon. Para itong isang tao na inilalagay ng mga magsasaka sa gitna ng mga palayan tuwing hitik ang mga butil ng palay.Gawa ito sa kahoy at iba pang bagay na dinamitan na parang tao.


Likas na masisipag ang mga magsasakang Isabelino. Sa mga sakahan ay napakaraming mga ibon na siyang sumisira at kumakain ng mga bunga ng mga palay na siyang dahilan kung bakit kakaunti ang naaani nilang palay.Dahil dito, nakaisip sila na gumawa ng “ bambanti” o panakot sa mga ibon upang layuan nila ang kanilang pananim na palay. Tuwing ika 27-31 ng Enero sa bawat taon ay ipinagdiriwang ang “Bambanti Festival” bilang pagpupugay sa mga magsasakang Isabelino.

1. Ano ang problema o suliranin ng mga magsasaka sa kwento ? Isulat ang sagot sa kuwaderno.


2. Paano nila ito ginawan ng solusyon ? Isulat ang sagot sa kuwaderno.

**Si Bantay**

Kararating lamang ni Nick mula sa paaralan.Tahol ng tahol ang kaniyang alagang aso na si Bantay. Pinuntahan niya ito upang bigyan ng pagkain. Hindi pa rin ito huminto sa pagtahol. Nagtaka si Nick dahil ayaw itong huminto sa pagtahol. Napakaingay ni Bantay. Kinalagan niya sa pagkakatali si Bantay. Huminto ito sa pagtahol at tumakbo papalayo kay Nick upang umihi. Ito pala and dahilan kaya ayaw tumigil ni Bantay sa pagtahol.




______________________________________




**BALIKAN** **PAGYAMANIN** **ISAGAWA** **KARAGDAGANG GAWAIN**

Basahing muli ang maikling kwento at pagkatapos ay subukang pagtambalin ang kaugnayan ng salita mula sa Hanay A sa Hanay B. Isulat sa papel ang sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pamagat ng Kwento | a. sa sala |
| 2. Tagpuan | b. Ang Mapanganib na Virus |
| 3. Tauhan | c. nakamamatay na Corona Virus |
| 4. Suliranin sa Kwento | d. manatili sa bahay |
| 5. Solusyon | e. Ana at tatay |

Napakasayang magbasa ng kwento di ba? Tara magbasa pa tayo. Makinig nang mabuti para masagot ang mga tanong. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

**Ang Butones**

Unang araw ng pasukan.Papasok na sa paaralan si Buboy. Masayang –masaya siya dahil makikita na niya ang mga kaibigan at marami pa siyang makikilalang bagong kaibigan.Isinuot na niya ang kaniyang uniporme nang bigla itong umiyak. Narinig ito ng kaniyang ate.”Bakit ka umiiyak Buboy?”,tanong ng kaniyang ate. Patuloy pa rin siya sa pag iyak.Nahihirapan si Buboy sa pagsara ng kaniyang uniporme.
Hindi niya alam ikabit ang butones ng uniporme sa tamang pagkakabitan nito. Tinulungan siya ng kaniyang ate sa pagkabit ng butones. Natuwa at nagpasalamat si Buboy sa kanyang ate.

Gawain 1: Samahan natin sina Buboy at Ana sa pagpasok patungo sa kanilang paaralan. Sikaping masagutan ang mga tanong. Isulat ang mga sagot sa kuwaderno. 1. Bakit

Makinig nang mabuti sa kwentong babasahin at isagawa ang sumusunod na gawain.

**Kasalanan Ko, Kasalanan Mo**

*Namasyal ang magpinsang Ben at Sam sa bahay ng kanilang Lola Mameng.Nakita nila ang isang bola sa may sala at nilaro nila ito. Masaya silang naghahagisan ng bola paitaas nang matamaan ng bola ang ilaw sa kisame.Krrraassss..... nabasag ito. Takot na takot ang magpinsan at baka pagagalitan sila ng kanilang lola. Dali-dali nilang niligpit ang nabasag na ilaw.*


*Maya’t maya ay dumating ang kanilang lola galing sa palengke. Takot pa rin si Sam dahil sa nangyari.Nagpasya si Ben na sabihin ang totoo sa kanilang lola. Natuwa ang kanilang lola dahil naging tapat ang kaniyang mga apo.*

Kaibigan maglaro tayo. Samahan natin sina Ben at Sam na maibuslo ang mga bola sa tamang busluan sa pamamagitan ng linya.

Pagkatapos mapakinggan ang kwento, tingnan ang mga larawan sa ibaba, iguhit sa papel ang larawan na nagpapakita ng suliranin sa kwento.

**Labanan ang “Dengue”**

*Pak........pak.......pak....”aray ko po ang daming lamok,” wika ni Kris sabay tapik sa kanyang braso at mga paa. Pinagpipyestahan siya ng mga lamok. Naalala niya ang kanilang aralin na sinabi ng kanilang guro. Ang mga lamok ang siyang nagdadala ng sakit na dengue. Kinuha niya ang walis at siya ay naglinis sa paligid. Tiningnan niya kung may mga lata at mga bote na siyang pinamumugaran ng mga lamok. Malinis na ang paligid. Kinabukasan wala na ang mga lamok.*






umiiyak si Buboy? 2. Ano ang ginawa ng ate ni Buboy?

**Gawain 2** Ilagay ang kasagutan sa hinihinging impormasyon. Isulat ang sagot sa malinis na papel.




**TUKLASIN**

Ngayon ay araw ng mga Ina. Gustong bigyan ni Elsa ng regalo ang kaniyang nanay, kaya't naalala niya ang kanyang alkansiya. Dali – dali niya itong binuksan ngunit bigla siyang nalungkot dahil hindi sapat ang naipon niya para sa naisip niyang regalo. Maya't maya ay may naisip na siyang ireregalo kay nanay. Kumuha siya ng makukulay na papel, pandikit, at gunting. Ginunting niya ang mga papel at gumawa siya ng napakagandang kard at nanguha siya ng mga sariwang bulaklak. Tuwang tuwa ang kanyang nanay nang mabasa ang kanyang mensahe, “Maraming salamat po nanay, mahal na mahal kita.”.

1. Magbigay ng maaaring pamagat ng kwento.

2. Ano ang problema/suliranin sa kwento?

3. Ano ang naging solusyon dito?

4. Kung ikaw si Elsa, ano rin ang gusto mong iregalo sa iyong nanay sa Araw ng mga Ina, iguhit ito.

5. Isulat mo sa loob ng kard ang iyong mensahe sa iyong nanay sa Araw ng mga Ina.

***IV. Mga Tala***

***V. PAGNINILAY***

A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.*
C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?